Republika ng Pilipinas
PAMBANSANG PANGASIWAAN NG PATUBIG
(National Irrigation Administration)
Lungsod ng Quezon

MS Blg. 38 s. 1990

MEMORANDUM SIRKULAR

S A : DEPUTY ADMINISTRATOR, ASSISTANT ADMINISTRATORS, DEPARTMENT MANAGERS, REGIONAL IRRIGATION MANAGERS, OPERATIONS/PROJECT MANAGERS, PROJECT ENGINEERS, IRRIGATION SUPERINTENDENTS, PROVINCIAL IRRIGATION ENGINEERS AT SA LAHAT NA KINAUUKULAN

PAKSA : PAGGAMIT NG PORMULARYO SERBISYO SIBIL (PSS) BLG. 33 (PAGHIRANG) BILANG OPISYAL NG PORMA SA LAHAT NA IPALALABAS NA PAGHIRANG

Ang sumusunod ay ang kabuuan ng Memorandum Sirkular bilang 24, s. 1990 ng Komisyon Ng Serbisyo Sibil tungkol sa bagong Appointment Form o Pormularyo ng Paghirang.

"Republika ng Pilipinas
KOMISYON NG SERBISYO SIBIL
(Civil Service Commission)
Quezon City

MS Blg. 24, s. 1990

MEMORANDUM SIRKULAR

S A : LAHAT NG PUNO NG AHENSYA AT SANGAY NG PAMAHALAAN SA NASYONAL AT LOKAL, MAGING MGA KORPORASYON NA PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN AT PAMPAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : Paggamit ng Pormularyo Serbiyo Sibil (PSS) Blg. 33 (Paghirang) Bilang Opisyal na Forma sa Lahat na Ipalalabas na Paghirang

Ang kalakip na bagong Appointment Form o Pormularyo sa Paghirang ay pinagtibay ng Komisyon sa Serbisyo Sibil na siyang dapat gamitin ng lahat ng ahensya o opisina ng Pamahalaan simula sa Hulyo 1, 1990. Ito ay upang higit nating mapayaman at mapayabong ang Filipino bilang umiiral na wika sa ating bayan.

Inaasahan ang malawakang pagpapatupad nito sa panahong itinakda sa itaas.

(LAGDA) PATRICIA A. STO. TOMAS
Tagapangulo

21 May 1990"

Para sa kabatiran at pagsasakatuparan ng mga kinauukulan sa panahong itinakda.

JOSE B. DEL ROSARIO, JR.
Administrador

14 Hunyo 1990

/jms.

PSS Blg. 33

Republika ng Pilipinas
PAMBANSANG PANGASIWAAN NG PATUBIG
(NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION)
Lungsod ng Quezon

____________________
Petsa

____________________
____________________
____________________

Ginoo/Gng./Bb.:

Kayo ay na-aapoint na ____________________________ na may katayuang __________ (status) sa ____________________ (ahensya) sa pasahod na ____________________ piso (₱ ) bawa't taon. Ito'y magkakabisa simula sa ________________.

Ang appointment na ito ay ____________________ (orihinal, promosyon, atbp.) at ayon sa Aytem Blg. _____, Pahina _____ at ng General Appropriations Act ____ na may petsa ____________________.

Sumasainyo,

____________________
Puno ng Tanggapan

/ / Pinagtibay
/ / Hindi Pinagtibay

Petsa ________________

____________________
Awtorisadong Opisyal
Komisyon ng Serbisyo Sibil

# MGA NOTASYON

a. Magkakabisa simula ______________, ang petsa ng pagkakabisa ng eligibility ng na-appoint sa ilalim ng RA 1080/PD 907/ PD 1408/RA 6850.

b. Magkakabisa simula ______________, ang petsa ng pagkakalabas ng eligibility ng na-appoint.

k. Kung ang petsa ng pagkakabisa ay sa araw ng pagganap ng tungkulin, ang paghirang ay dapat na magkakabisa ng di-aaga sa ______________, ang petsa kung kailan pinalabas ang appointment.

d. Ka-taning sa proyekto/panunungkulan ni ______________.

e. Magkakabisa sa loob ng isang (1) taon matatapos sa ______________, maliban kung tinapos nang mas maaga.

g. Hindi angkop ang eligibility para sa posisyon.

h. Hindi kwalipikado ang na-appoint sa anumang pagsusulit na pang-serbisyo sibil.

i. Walang pangwakas na hatol sa huling resulta ng protesta na iniharap laban sa appointment na ito.

l. Sa kondisyong nasa ayos ang pagkakatiwalag sa tungkulin ng dating nanunungkulan.

m. Batay sa mga limitasyon ng Seksyon 57 ng EO 292.

n. Para sa mga posisyong walang plantilla, ang ______________ sa ______________ sa pamamagitan ng ______________ indorsement ng CPCB na may petsa ______________ na kalakip sa pag-appoint kay ______________.

ng. Sa kondisyong walang anumang nabibinbing kasong administrado laban sa na-appoint, na walang nabibinbing protesta laban sa pag-appoint na ito, o di kaya'y anumang hatol ng isang may kakayahang awtoridad na lubhang makakapagbago sa pagpapatibay sa appointment na ito.

o. (Iba pa).

ANUMANG BURA O PAGBABAGO SA AKSIYONG GINAWA NG KOMISYON NG SERBISYO SIBIL AY MAGPAPAWALANG-BISA SA PAGHIRANG NA ITO MALIBAN KUNG ANG PAGBABAGO AY NASUSULAT NA KINUMPIRMA NG K S S/KOMISYON.